JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Husaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 4

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon saPagpapakatao

## Ikalawang Markahan - Modyul 1
## Pagkakamali Ko, Itutuwid ko



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



## Alamin

Magandang araw!

Ang Edukasyon sa Pagpapakatao 4 ay buong pusong inihanda ang mga gawain na naglalayon na patnubayan kayong makamit ang layunin na makapagpapakita ng pagkamahinahon sa damdamin at kilos ng kapuwa tulad ng:

5.1 Pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtututwid nang banal sa loob.
**EsP4P-IIa-c-18**

| Modyul 1 | Pagtanggap ng Sariling Pagkakamali at Pagtutuwid nang Bukal sa Loob |
|---|---|

Sa araling ito, iyong matutuhan ang pakikipagkapuwa-tao sa pamamagitan ng patanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob.



## Balikan

Sa gawaing ito, ating balikan ang iyong natutunan tungkol sa pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob.

**Panuto**: Lagyan ng tsek(/) ang bilang na nagsasaad ng pagiging mahinahon at ekis (x) kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang suliranin ay dapat harapin nang mahinahon.
2. Kinakaibigan ni Rodrigo ang mga taong nanlalait sa kanya.
3. Hinaharap at hinahamon ni Aida ang mga kalaban.
4. Ipinakita n'ya ang galit sa mga taong mapagmataas.
5. Pinakausapan ni Kim ang nang-aaway sa kanyang anak.



## Tuklasin

Ating tuklasin ang mga nagawang pagkakamali at nakakasakit sa damdamin ng ating kapuwa nang hindi natin namalayan. Gayundin, ang kabalikat nitong pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob.


Basahin ang Kwento.

**Parol ni Carla**

Nagmamadali si Carla sa pagpasok sa paaralan. Masayang-masaya siya scapegoat natapos niya ang kaniyang proyektong parol. Katulong din niya ang kaniyang proyektong parol. Katulong niya ang kanyang buong pamilya sa paggawa nito. Habang bitbit niya ang parol ay nasagi siya ng isang batang nakikipaghabulan sa kaklase nito, dahilan upang mapahagis ang bitbit na parol ni Carla at nasira ito.

Halos umiyak na si Carla sapagkat mahuhuli na siya sa kaniyang klase at nasira pa ang kaniyang proyektong parol. " Naku, paano na iyan, wala na akong ipapasa kay Ma'am," himutok ni Carla. " Pasensiya na, hindi kita napansin kasi naghahabulan kami," paumanhin ng nakasaging bata. " Tutulungan na lamang kitang mabuo ulit ang parol," wika pa ng batang nakasagi. Pumayag naman si Carla at magkasama silang nagpaliwanag sa guro kung bakit nasira ang parol.

**Panuto**: Magbigay ng apat na salita o pangkat ng mga salita na ginamit sa kwento sa itaas o ginamit sa mga naunang gawain na maaaring maiuugnay sa salitang nasa loob ng graphic organizer. Magbigay din ng isang pangungusap na magpapakita ng kaugnayan ng mga salitang naitala. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.






## Suriin

Ating suriin ang mga salita o pangkat ng mga salita Na nagpapakita ng pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob.

Ang pagtutuwid ng isang pagkakamali ay hindi kahinaan kundi tanda ito ng pagiging mahinahon sa damdamin ng kapuwa. Nakikita ang katatagan ng isang tao sa pagharap niya sa naging bunga ng kanyang mga nagawa. Mahalagang timbangin muna ang idudulot na mabuti o hindi mabuti bago gumawa ng desisyon. Isang tsinong pilosopo nakilala sa pangalang Confucuis ang nagsabi na, "Huwag mong gawin sa kapuwa mo ang ayaw mong gawin sa iyo."

**Panuto**: Suriin ang sumusunod na pangungusap. Lagyan ng tsek (/) ang iyong pinaniniwalaang sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | Palagi | Paminsan -minsan | Hindi ko ginagawa |
|---|---|---|---|
| 1. Humihingi ako ng tawad kapag nagkakamali ako | | | |
| 2. Nakakagawa ako ng pagkakamali sa aking kapuwa kahit hindi ko sinasadya. | | | |
| 3. Nagpapatawad ako sa taong nagkasala sa akin | | | |
| 4. Ginagamit ko ang salitang sorry nang bukal sa aking kalooban. | | | |
| 5. Inaayos ko agad ang tampuhan naming magkaibigan. | | | |




## Pagyamanin

Sukatin ang lalim ng iyong kaalaman tungkol sa pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain sa bahaging ito.

**Panuto**: Pag-aralan ang mga salita o parirala sa ibaba. Isulat sa loob ng kahon ang mga salitang nagpapakita ng pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain sa bahaging ito.

a. Bahala na
b. Sorry!
c. Hindi ko sinasadya
d. Patawad
e. Buti nga sa iyo
f. Excuse me
g. Wala akong pakialam
h. Pasensiya ka na
i. Ikinalulungkot ko ang nangyari





# Isaisip

Sa bahaging ito, ikaw ay sasagot ng mga katanungan na naglalayong matukoy ang lawak ng iyong natutunan tungkol sa  pangtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga salita o pangkat ng mga salita na nagpapakita ng pagtanggap ng sariling pagkakamali at pagtutuwid nang bukal sa loob?
2. Kung ikaw ay nagkakamali, paano mo ito itutuwid?
3. Tama ba na humingi tayo ng paumanhin sa pagkakamali nating nagawa? Bakit?



# Isagawa

**Panuto:** Pag- aralan ang tsart. Piliin sa unang hanay ang isa sa apat na kapuwa na nagawan mo ng pagkakamali o nasaktan. Sa ikalawang hanay ay isulat mo kung ano ang pagkakamaling nagawa. Sa ikatlong hanay naman ay isulat mo kung paano mo itinuwid ang pagkakamaling nagawa mo. Gawin ito sa sagutang papel.

| Mga taong nasaktan o nagawan ko ng pagkakamali | Pagkakamaling nagawa sa kapuwa | Paraan ng pagtutuwid sa naging pagkakamali |
|---|---|---|
| 1. Kapamilya<br>a.<br>b.<br>c. | | |
| 2. Kaibigan<br>a.<br>b.<br>c. | | |
| 3. Kaklase<br>a.<br>b.<br>c. | | |
| 4. Kalaro<br>a.<br>b.<br>c. | | |

 **Tayahin**

**Panuto:** Pag-aralan ang bawat tanong o pangungusap . Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Pangarap ni April joy na maging modelo kung kaya't sumasali siya sa mga paligsahan sa kanilang paaralan at komunidad. Ngunit madalas siyang pinipintasan ng kanyang kaklase na si Jayson. Sa sobrang hiya, ito'y napaiyak..Ano kaya ang gagawin ni jayson?
   A. Hihingi siya ng paumanhin sa kanyang guro
   B. Hihingi siya ng paumanhin kay April Joy.
   C. Hihingi siya ng isa pang pagkakataon sa guro
   D. Hihingi siya ng bayad danyos kay April Joy dahil napagalitan siya ng guro.
2. Pinuna ka ng inyong guro dahil nakipagdaldalan ka sa iyong kaklase. Paano mo ito tatanggapin?
   A. Hihingi ako ng sorry sa aking guro
   B. Ipagpatuloy ko pa rin ang aking ginagawa
   C. Sisimangutan ko ang aking guro
   D. Hindi ko siya papansinin
3. Alin sa mga sumusunod na pangkat ng mga salita ang Hindi nagpapakita ng pagtanggap ng sariling pagkakamali?
   A. pasensiya na
   B. pakialam ko sa iyo
   C. ikinalungkot ko ang nangyari
   D. ipagpaumanhin ninyo ako
4. Binabatikos ka dahil sa isang kapalpakan mong nagawa. Paano mo haharapin ang mga pumupuna sa iyo?
   A. Kakausapin ko sila ng mahinahaon at humingi ng sorry
   B. Hahamunin ko sila ng away
   C. Babatikusin ko rin sila
   D. Hindi ko na lang sila papansisin
5. Malungkot ang iyong kamag-aral na si Jhasmine. Napagalitan siya ng kanyang magulang sapagkat bumaba ang kanyang marka. Kasama siya dati sa mga nangunguna sa klase ngunit dahil sa pagbaba ng kanyang marka ay hindi na siya nakasama. Ano kaya ang pwede mong ipapayo kay Jhasmine?
   A.Hayaan mo na Jhasmine. Wala namang silbi yan.
   B. Huwag mo na lang pansinin yan Jhasmine
   C. Bumawi ka Jhasmine at humingi ng tawad sa iyong mga magulang
   D.Bahala na yan Jhasmine.



## *Susi sa Pagwawasto*

**Balikan: 1.** Patawarin mo ako sa nagawa kong pambabastos sa iyo
2.Pasensiya na po, hindi ko sinasadya
3.Ikinalulungkot ko ang nangyari sa iyo
4.Sorry kaibigan ko
5.Ipagpaumanhin nyo po ang aking pagliban sa klase

**Tuklasin:** Posibleng Sagot: pasensiya na, tulungan na lamang kita, tumanggap ng sariling pagkakamali

**Suriin**: Posibleng sagot 1. / 2./ 3. / 4. / 5. /

**Pagyamanin**: 1. Sorry 2. Hindi ko sinasadya 3. Patawad 4. Pasensiya 5.Ikinalulungkot ko ang nangyari

**Isaisip**

1. Sorry, hindi ko sinasadya, patawad, excuse me, patawarin mo ako, pasensiya na po, ikinalungkot ko ang nangyari, , hindi ko na po uulitin
2. Aaminin , aakuhin at tatanggapin ko ang aking pagkakamali para maging mapabuti at mapayapa ang aking puso at isipan.
3. Opo, dahil ito ay nararapat at ikakaayos ng sitwasyon o problema.

**Isagawa**

Maaaring magkaiba ang mga kasagutan

**Tayahin**

1. B 2. A 3. B 4. D 5. C

## Sanggunian:


Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4* Kagamitan ng Mag-aaral, Dep-Ed-BLR, 2015, 78-84.

Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 4* Patnubay ng Guro, Dep Ed-BLR, 2015, 46-50.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Aida N. Sucuajil,MT 1, Cabunbata Elementary School, Isabela City Division

**Editor:** Carmelita M. Ricasio

**Tagasuri:** Yashier U. Susulan,PSDS West 2

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Geraldine S. Delos Reyes,T-III,Lunot Elementary School, Isabela City Division

**Tagapamahala:**

Julieto H. Fernandez, OIC-SDS

Maria Laarni T. Villanueva, OIC_ASDS

Eduardo G. Gulang, SGOD Chief

Henry R. Tura, CID Chief

Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor

Violeta M. Sta. Elena, EPS, ADM Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuano, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...